**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 12, 75-83




# Pagpapahalagang moral: Pagsusuri sa Akdang Impeng Negro ni Rogelio Sicat

Suñer, Justine May L. ✉
*Leyte Normal University, Philippines (sunerjustinemay16@gmail.com)*

**Received**: 1 May 2026 **Revised**: 12 May 2026 **Accepted**: 13 May 2026
**Available Online**: 14 May 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26199

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

This study aims to examine the moral values embedded in the literary work Impeng Negro by Rogelio Sicat. Specifically, it identifies the moral values reflected in the plot, main character, and the lessons that may be derived from the story. The study employs a qualitative research design through Content Analysis and Thematic Analysis as the primary methods in analyzing the literature. It is also anchored on the Moralistic and Sociological Theories to better understand the relationship between morality and the social context embodied in the literary work. This study is expected to contribute to a deeper understanding of literature as a reflection of society and as a medium for conveying significant lessons that may help shape the moral consciousness of readers.

***Keywords:*** discrimination, Impeng Negro, morality, moral values, reflection of society

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Pagpapahalagang moral: Pagsusuri sa Akdang Impeng Negro ni Rogelio Sicat


## 1. Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa akdang *Impeng Negro* ni Rogelio Sicat. Tinutukoy nito ang mga pagpapahalagang moral na masasalamin sa banghay, pangunahing tauhan, at mga aral na maaaring makuha mula sa akda. Ginagamit sa pag-aaral ang disenyong kwalitatibong pananaliksik sa pamamagitan ng *Content Analysis* at *Thematic Analysis* bilang pangunahing pamamaraan sa pagsusuri ng teksto. Nakabatay rin ito sa Teoryang Moralistiko at Sosyolohikal upang maunawaan ang ugnayan ng moralidad at kontekstong panlipunan na nakapaloob sa akda. Inaasahang makatutulong ang pag-aaral na ito sa pagpapalalim ng pag-unawa sa panitikan bilang salamin ng lipunan at daluyan ng mahahalagang aral na maaaring magamit sa paghubog ng kamalayang moral ng mga mambabasa.


***Susing salita:*** diskriminasyon, Impeng Negro, moralidad, pagpapahalagang moral, salamin ng lipunan

## 2. Introduksyon

Ang bawat Pilipino ay kilala sa mundo sa pagiging mabait at masayahing tao. Marami sa mga Pilipino ay may malawak na kamalayan sa tungkol sa prensipyo o kagandahang-asal na nagsisilbing gabay upang malaman ang pagkakaiba ng tama sa mali. Higit na may malawak na pag-unawa sa kapwa, ngunit ganun paman ay mayroon pa rin itong hangganan, na nagiging sanhi ng pagkakaroon ng ideyang makapanakit sa ibang tao dahil sa bugso ng damdamin. Isa rin sa mga katangian ng mga mga Pilipino ang hindi pagpapalupig sa mga nang-aabuso o nang-aapi sa mga ito, ganumpaman mahalaga pa rin sa mga Pilipino ang sinasabing pagpapahalagang moral na kung saan mas pinapairal nito ang mga gawaing makabubuti tulad ng pagaaral ni Amora (2020), na ang pagpapahalagang moral ay ang pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay sa kabila ng mga suliraning kinahaharap. Hindi dapat mawalan ng pag-asa sa buhay, at nasa ating kultura ang maging maparaan sa paghahanap ng kalutasan sa bawat problemang pinagdadaanan.Taliwas sa akdang Impeng Negro na kung saan ang pangunahing tauhan ay mas piniling gumamit ng karahasan upang makuha ang hustisya dahil sa patuloy na pang-aapi ng isa sa mga tauhan ng nasabing akda ni Rogelio Sicat.

Marami sa mga Pilipino ang pinipili ang huwag pumatol sa mga nang-aapi o nanunukso sa mga ito. Pinilpili nilang manahimik nalamang ng sa ganun ay hindi na lumaki ang hidwaan ng parehong panig. Ilan sa mga dahilan na kung saan nawawalan ng kontrol sa sarili ang mga inaapi, dahil sa patuloy na pagmamalabis sa mga ito. Hindi na ito bago sa ating mga Pilipino dahil ang ating mga ninuno na nakibaka upang patalsikin ang mga mananakop ay gumamit na rin ng karahasan upang maipagtanggol ang sariling pamilya maging ang ating inang bayan laban sa mga dayuhan, ayon pa ng kay Galdiano (2025), ang rason ng pakikibaka ng mga Pilipino ay nag-ugat sa hindi makatarungang kondisyon, na naging dahilan sa mga mamamayan na ipaglaban ang kanilang karapatan at kabuhayan. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang mga pagpapahalagang moral mula sa akdang Impeng Negro ni Rogelio Sicat, ang mga naunang pag-aaral at literature ay magsisilbing gabay sa kasalukuyang pananaliksik.

***Layunin -*** Layunin ng pananaliksik na ito na malaman ang pagpapahalagang moral na na nakapaloob sa sa akda, sa pangunahing tauhan at makuha ang mga aral na nakapaloo sa adang Impeng Negro ni Rogelio Sicat. Ang mga katanungan ang magsisilbing gabay na layunin:

- Ano-ano ang mga pagpapahalagang moral ang nakapaloob sa kwentong Impeng Negro?
- Ano-anong mga katangian ng mga pangunahing tauhan na nagtataglay ng mga pagpapahalagang moral?
- Anong aral ang mga nakapaloob sa akdang Impeng Negro ni Rogelio Sicat na nangingibabaw ang

pagpapahalagang moral?

***Saligang Teoritikal -*** Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Teoryang Moralistiko at Teoryang Sosyolohikal, na kapwa nagbibigay-diin sa pagsusuri ng mga pagpapahalagang moral at ugnayan ng indibidwal sa lipunan. Teoryang Moralismo. Ayon sa teoryang ito, mahalagang suriin ang akdang pampanitikan batay sa mga aral at pagpapahalagang moral na taglay nito, sa inilathala ng Lampung University (2024), mahalaga ang pagtukoy sa at pag-unawa sa mga moral na aral na ipinapahayag ng mga akda. Pinag-aaralan kung paano nilalarawan ng mga manunulat ang mga katanungang pang-etika at kung paano ito nakaapekto sa mga karater at plot ng kwento. Karanaiwang isinasalin ang mga aral na ito sa mga pang-araw-araw na karanasan at pagpapasiya ng tao sa tunay na buhay. Sa kwentong Impeng Negro, masasalamin ang mga pagpapahalagang tulad ng pagtitiis, katatagan ng loob, at paggalang sa sarili sa kabila ng diskriminasyon. Ginagamit ang teoryang ito upang matukoy kung paano naipapakita ng mga tauhan ang tama at mali, at kung paano hinuhubog ng kanilang karanasan ang kanilang pagkatao.

Teoryang Sosyolohikal. Binibigyang-pansin ng teoryang ito ang relasyon ng panitikan sa lipunan. Sa akda, makikita ang isyu ng diskriminasyon, kahirapan, at hindi pantay na pagtingin sa kapwa. Sa pamamagitan nito, mas nauunawaan ang kalagayan ng pangunahing tauhan sa konteksto ng kanyang kapaligiran at kung paano nakaapekto ang lipunan sa kanyang pag-uugali at pagpapasya. Ang teoryang sosyolohikal naman ay may layuning ipakita ang kalagayan at suliraning kinakaharap ng lipunang kinabibilangan ng may akda. Ipinakikita rito ang mga pamaraan o kaparaanan sa pagsugpo o paglutas sa mga nasabing suliranin. Isang halimbawa ay ang ginawang pagsusuri sa kantang "Magdalena" ni Movilla (2018), layuning maipakita ang suliranin at kalagayang panlipunan na kinabibilangan ng may-akda, sa awiting "Magdalena", nais iparating ng manunulat na isa ang kahirapan sa mga sakit ng lipunan na tila hindi mabigyang lunas.

Masisilbing gabay ang mga teoryang ito sa pagsusuri ng akda ng mananaliksik patunkol sa pagpapahalagang moral na nakapaloob sa kwento, katangiang may kilaman sa pagpapahalagang moral ng pangunahing tauhan ito ay konektado sa teoryang moralistiko. Habang ang teoryang sosyolohikal naman ay naka pokus sa suliraning nakapaloob akda na diskriminasyon upang makuha ang mga hinuha, emosyon at impresyon ng mga mag-aaral sa akdang binasa na maikokonekta sa lipunang ginagalawan mismo ng mambabasa.

***Saklaw ng Pag-aaral -*** Ang pag-aarala na ito ay nakapokus lamang sa piling akda ni Rogelio Sicat na pinamagatang Impeng Negro at nakapokus sa pagapapahalagang moral at mga nakapaloob na katangian sa pagpapahalagang moral sa pangunahing tauhan. Gayundin ang mga aral na makukuha o nakapaloob sa kwento na may koneksyon sa pagpapahalagang moral sa kwentong Impeng Negro. Gayundin, nakatuon lamang ito sa nabanggit na akda at hindi isinasaalang-alang ang iba pang akdang pampanitikan.

## 3. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong kwalitatibong pananaliksik sa pamamagitan ng pamamaraang *Content Analysis*. Ang *Content Analysis* ay isang sistematikong pagsusuri sa nilalaman ng mga tekstong nakasulat o berbal upang matukoy ang mga tema, kahulugan, at padron na nakapaloob dito. Ayon kay Gustafson (1984), ang pamamaraang ito ay epektibong ginagamit sa pagsusuri ng iba't ibang anyo ng midya gaya ng panitikan, pelikula, kanta, at iba pang komunikatibong materyales. Angkop ang disenyong ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat layunin nitong suriin ang mga pagpapahalagang moral na makikita sa akdang *Impeng Negro*, partikular sa banghay, tema, at paghubog sa pangunahing tauhan.

Isinagawa ang pag-aaral gamit ang akdang *Impeng Negro* ni Rogelio Sicat na unang nalathala noong 1963 at nagkamit ng parangal sa Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. Ang akda ay tumatalakay sa isyu ng diskriminasyon at pakikibaka ng isang indibidwal laban sa mapanghusgang lipunan. Pinili ang akdang ito dahil sa patuloy na pag-iral ng diskriminasyon at kakulangan sa pagpapahalagang moral sa kasalukuyang lipunan, kaya't mahalagang suriin ang mga aral at pagpapahalagang maaaring makuha rito. Sa pamamagitan ng tekstong ito, nabibigyang-diin ang ugnayan ng panitikan at realidad ng lipunan.

Sa pangangalap ng datos, sinunod ng mananaliksik ang ilang hakbang. Una, nagsagawa ng masusing pagbasa at pagsusuri sa akdang napili upang maunawaan ang kabuuang konteksto nito. Ikalawa, tinukoy at pinili ang mga bahagi ng akda na nagpapakita ng mahahalagang pagpapahalagang moral. Ikatlo, isinagawa ang *thematic analysis* upang matukoy ang mga pangunahing tema kaugnay ng moralidad, karakter ng pangunahing tauhan, at mga aral na maaaring mapulot. Sa huli, inayos at binigyang-interpretasyon ang mga nakalap na datos upang makabuo ng makabuluhang pagsusuri na tumutugon sa layunin ng pag-aaral.

## 4. Resulta ng Pag-aaral

Nakapaloob sa bahaging ito ang naging resulta ng isinagawang pagsusuri sa mga peling kwento ni Rogelio Sicat na pinamagatang Impeng Negro. Makikita ang mga linya na kakikitaan ng pagpapahalagang moral.

### *4.1 Mga Pagpapahalagang moral sa Kwento*

**Talahanayan 1**
*Mga Pagpapahalagang Moral*

| Mga Katangiang Moral | Taludtod sa Kwento | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Paggalang | *"Hindi ho," paungol niyang tugon."*<br><br>*"Hindi ho..." Ginagad siya ng kanyang ina. "Bayaan mo na nga sila. Kung papansinin mo'y lagi ka ngang mababasag-ulo."* | Ang mga batang Pilipino ay tunay na nagbibigay respeto sa kanilang mga magulang, ang pagsunod sa kanilang mga magagandang payo ay siyang nagpapabuti sa mga kabataan at ang pagkakaroon ng respeto sa kapwa maging sa sarili. |
| Disiplina sa Sarili | *"Mabuti na rin iyon kahit nakabilad sa araw. Pasasaan ba't di iikli rin ang pila nasaisip niya. Makakasahod din ako."* | Ang pag-iwas sa gulo ay isa sa mahalagang parte sa pakikipagkapwa, nakikita ang pag didisiplina sa sarili at ang pagkakaroon ng mapayapang kaisipan. Nagiging payapa ang sarili at kapaligiran kung iiwasan ang pagkakaroon ng gulo. |
| Pagpapakumbaba | *"Si Ogor, Impen," pahabol na bilin ng kanyang ina. "Huwag mo nang pansinin."* | Ang hindi pagpatol sa mga taong gustong makipag-away ay hindi ibig-sabihin ay karuwagan bagkos ito ay sinasabing pagpapakumbaba. Na nagbibigay kapayapaan sa sarili maging sa buong lipunang ginagalawan. |
| Katapangan | *"Kasalukuyan siyang nagtitiis sa init nang may maulinigan siyang sigaw mula sa tindahan"*<br><br>*"O…gor … O …gor" Nakatingala siya kay Ogor, mahigpit na kinukuyom ang mga palad. Kumikinig ang kanyang ulo at nangangalit ang kanyang ngipin. "Ogor!" sa wakas ay naisigaw niya"*<br><br>*"Kumikinig ang kanyang katawan. Sa poot. Sa naglalatang na poot. At nang makita niyang aangat ang kanang paa ni Ogor upang sipain siyang muli ay tila nauulol na asong sinunggaban niya iyon at niyakap at kinagat."* | Ang katapangan ay hindi lamang nagipakikita sa marahas na paraan. Minsan ito ay sapilitang pinapalabas, sa pamamagitan ng labis na pagmamalabis ng tao sa kapwa tao. Ang Katapangan ay itinatago na kung saan kusang lumalabas kung ang isang tao ay nakararanas ng hindi patas na na pakikisalamuha. |
| Katarungan | *"Sa matinding sikat ng araw. Tila siya isang mandirigmang sugatan ngunit matatag na nakatindig sa pinagwagiang larangan."*<br><br>*"May luha siya sa mga mata ngunit may galak siyang nadama. Luwalhati. Hinagud-hagud niya ang mga kamao. Nadama niya ang bagong tuklas na lakas niyon. Ang tibay, ang tatag… ang kapangyarihan. Muli niyang tiningnan ang nakabulagtang si Ogor. Pagkaraa'y nakapikit at buka ang labing nag-angat siya ng mukha."* | Ang pagkamit ng katarungan ay minsan kinakailangang gumamit ng dahas upang makuha ito. Kinakailangan pang magakroon ng hindi magandang paraan upang makuha ang nararapat na hustisya para sa gusto makamit ang katarungan na ninanais ng isang taong patas na lumalaban upang |

Makikita sa talahanayan 1 na ang mga nakapaloob na pagpapahalagang moral sa kwentong Impeng Negro ay ang Paggalang, Disiplina sa Sarili, Pagpapakumbaba, Katapangan, at Katarungan.

Ang paggalang ay isa sa mga pinakamahalagang elemento sa pakikipagkapwa tao, ang taong magalang ay nasusuklian din ng paggalang mula sa ibang tao, maaring paggalang sa kaibigan, tao sa lipunan at lalo na ang paggalang sa pamilya katulad sa isang bahagi ng kwento;

> *"Hindi ho..." Ginagad siya ng kanyang ina. "Bayaan mo na nga sila. Kung papansinin mo'y lagi ka ngang mababasag-ulo."* - Impeng

Ang paggalang ay nakabubuti sa kahit na sinong tao kapag marunong kang gumalang ikaw rin ay masusuklian nito. Sa inilathala ni Ki (2021), sinasabi na ang paggalang sa mga matatanda o mga taong mas matanda sa amin ay isang halimbawa ng mahusay na pag-uugali na hindi maiiwan sa aming mga puso at isipan, hindi alintana kung nasaan ka sa mundo o kung anong kultura ka kabilang. Makikita na hind lamang ang mananaliksik ang nagsasabi na mahalaga sa lipunan an pagkakaroon ng paggalang sa bawat isa.

Makikita rin sa talahanay 1 ang pagpapahalagang moral na disiplina sa sarili. Ang pagagakroon ng disipiina sa saril ay mahalaga sa bawat taong naninirahan sa isang lipunan, ito ay makatutulong upang mapabuti ang lahat katulad sa nabanggit sa kwento

> *"Mabuti na rin iyon kahit nakabilad sa araw. Pasasaan ba't di iikli rin ang pila nasaisip niya. Makakasahod din ako."* - Impeng

Ang disiplina sa sarili ay napaka importante sa bawat tao. Kinakailangan na sinusunod ito ng sag anon magkaroon ng magandang epekto para sa sarili at para sa ibang tao. Nabanggit ni Cabellon (2025), na ang pagdisiplina sa sarili ay mas mahirap pa kaysa sa pagdidisiplina ng mga magulang. Ang pagkakaroon ng disiplina sa sarili ay nagtutulak sa pagplaplano ng mga aksyon at pag-iwas sa mga distraksyon. Mahalaga ito upang makamit ang mga layunin sa buhay na makabubuti hindi lamang para sa sarili kundi pati na rin sa iba. Tunay ngang mahalag ang pagkakaroon ng disiplina sa sarili dahil pa nga sa sinabi ni Cabellon na ito ay mas mahirap pa kaysa sa padidisiplina sa ng mga magulang sa kanilang mga anak.

Nakapaloob rin dito sa talahanayan 1 ang pagpapakumbaba, ang pagpapakumbaba ay mabuti sa disiplinang sosyal dahil ang pagpapakumbaba sa kapwa o sa lahat ng naksasalimuha ay nagpapaigting ng respeto sa kapwa sa loob ng iisang komunidad katulad sa nabanggit sa isang bahagi ng kwento.

> *"Si Ogor, Impen," pahabol na bilin ng kanyang ina. "Huwag mo nang pansinin."* - Ina ni Impeng

Ang pagpapakumba ay mahalaga upang hindi na lumaki pa ang gusot na kinakaharap ng isang tao upang hindi humanton sa alitan mas mabuting magpakumbaba na lamang. Ito ay mahalaga at ibinilin ng diyos sa buong san libutan. Nabanggit sa inilathalang kaalaman ni Teejay (2026), na ang pagpapakumbaba ay mahalaga upang makasunod sa kalooban ng DIyos at makamit ang mga biyaya at kapayapaan mula sa kanya. Ang pagiging mapagkumbaba ay nagsusulong ng karunungan, pagkakaisa, at esperitwal na paglago. Makikita sa inilathala na mahalaga ang pagpapakumbaba ng sa gayon ay maging mabuti ang ugnayan ng bawat isa sa isang lipunan.

Ang katapangan ay kabilang rin sa mga pagpapahalagang moral na makikita sa talahanayan 1. Ang Katapangan ay isa lamang bahagi ng pagkatao na kung saan maaring magkaroon ng masama o mabuting epekto para sa sarili at maging sa ibang tao. Tulad sa isang liny ana makikita sa kwento:

> *"O…gor … O …gor" Nakatingala siya kay Ogor, mahigpit na kinukuyom ang mga palad. Kumikinig ang kanyang ulo at nangangalit ang kanyang ngipin. "Ogor!" sa wakas ay naisigaw niya."* - Impeng

Makikita sa linyang ito ang paglabas ng katapangan ni Impeng, ngunit di ipagkakaila na hindi maganda ang

pakikipag away at paggamit ng katapangan sa karahasan. Ngunit ang katapangang ipinakita sa kwento ay ang katapangang makatutulong sa sarili, sa inilathala ng Monson (2014), na kabilang din sa katapangan ng kalooban ang paggawa ng tama kahit natatakot, pagtatanggol sa paniniwala kahit pa mawala ang mga kaibigan o katayuan sa lipunan. Batay sa inilathala na kaparte ng kaisipan ng tao ang katapangan na kung saan kinkailanagang mag desisyon ng mabuti.

Sa huli, makikita rin sa talahanayan 1 ang katarungan, katarungang nagpapahimplay ng kalooba sa isang taong inapi at tinutukso. Ang katarungang gustong makuha ng mga taong minsan ay inapi at nakuha ang katarungan sa isang paraan. Katulad sa ginawa ni impeng sa kwento;

> *"Sa matinding sikat ng araw. Tila siya isang mandirigmang sugatan ngunit matatag na nakatindig sa pinagwagiang larangan."* - Tagapagsalaysay

Ang pagkamit ng katarungan ay hindi madali ngunit kapag ito ay nakamit ay nagkakaroon ng kaginhawaan sa loob ng katawan na parang isang magiting na mandirigma na nagkaroon ng pagkakataon mapatumba ang kalaban. Dahil ayon pa kay ni Jade (2025), na ang katarungan ay tumutukoy sa prinsipyo ng pagbibigay ng pantay na pagtrato sa mga gawain tulad ng mga oportunidad at mga kagamitan. Ito ay nagsusulong ng pantay na pagtrato sa lahat anuman ang katayuan. Batay kay Jade na dapat pantay ang pagtrato sa bawat isa ng sag anon ay magakaroon ng kaayusan at hindi magkagulo sa isang lipunan. Ayon din sa inilathala na ang lipunan ay kailangang mayroon pantay at patas na katarungan.

*4.2 Mga Katangiang Moral Ng Pangunahing Karakter*

**Talahanayan 2**
*Katangian Moral*

| Mga Katangiang Moral | Taludtod sa Kwento | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Magalang sa magulang | *"Hindi ho..." Ginagad siya ng kanyang ina. "Bayaan mo na nga sila. Kung papansinin mo'y lagi ka ngang mababasag-ulo."*<br><br>*-Impeng-* | Si Impeng ay isang batang magalang, siya ang may respeto sa kanyang mga magulang na makikita sa kwento ang patuloy na pagsunod nito sa mga bilin at utos ng kanyang ina. Makikita sa karater ni Impeng ang isang magalang na bata. |
| May Disiplina sa Sarili | *"Mabuti na rin iyon kahit nakabilad sa araw. Pasasaan ba't di iikli rin ang pila nasaisip niya. Makakasahod din ako."*<br><br>*-Impeng-* | Si Impeng ay isang batang may disiplina sa sarili, alam niyang mayroong magyayari kung siya ay pumunta kina Ogor. Makikita dito ang disiplina ni Imoeng na umiwas sa gulo. |
| Matapang | *"Kasalukuyan siyang nagtitiis sa init nang may maulinigan siyang sigaw mula sa tindahan"*<br><br>*-Impeng-* | Si Impeng ay isang matapang na bata, buo ang loob na umiwas sa gulo matapang niyang hinaharap ang mga sulraning bigay ni Ogor sa kanyang sarili. Makikita sa kwento na ang katapanagn ni Impeng ay hindi lamang siya gumagamit ng pisikal na pamamaraan ngunit ang katapangan sa loob ng kanyang damdamin at talas ng pag-iisip. |

Makikita sa talahanayan 2 na ang kataniang tintaglay ni Impeng ay ang pagiging magalang, may disiplina sa sarili, at matapang.

**Magalang sa Magulang.** ng pagiging magalang sa magulan ay isa sa pinakaunang katangian na dapat taglayin ng isang bata. Bilang respeto sa magulang ay kinakailangan suklian ng paggalang sa lahat ng oras at sa kahit na anumang bagay. Ang pagsasalita ng magaganda katulad ng "Po at Opo" ay labis na ikabubuti sa damdamin ng mga magulang. Ayon pa kay Matuan (2025), na mahalaga ang paggamit ng "po" at "opo" dahil nagpapakita ito ng paggalang sa nakatatanda at sa kausap, nagpapanatili ng kulturang Pilipino, nagpapabuti ng ugnayan sa pakikipag-

usap, at humuhubog sa mabuting asal ng bawat isa. Tunay ngang mahalaga ang pagsasalita ng magaganda katulad ng "po at opo" dahil ito ay nagpapakita ng pagalang sa magulang maging sa lahat ng taon nakasasalamuha sa lipunang ginagalawan. Makikita dito na ang karakter ni Impeng ay may mataas na paggalang sa kaniyang magulang at patuloy itong sinusunod sa araw-araw.

**May Disiplina sa Sarili.** Ang pagakakaroon ng disiplina sa sarili ay maalaga sa buhay ng isan tao. Ito ang tumutulong upang maging maayos at may patutunguhang ang mga desisyon sa buhay. Ang pagkakaroon ng disiplina sa sarili ay mahalaga sapagkat ito ang nagpapatibay sa ugnayan ng bawat isa sa isang lipunan. Nabanggit ni Cabellon (2025), na ang pagdisiplina sa sarili ay mas mahirap pa kaysa sa pagdidisiplina ng mga magulang. Ang pagkakaroon ng disiplina sa sarili ay nagtutulak sa pagplaplano ng mga aksyon at pag-iwas sa mga distraksyon. Mahalaga ito upang makamit ang mga layunin sa buhay na makabubuti hindi lamang para sa sarili kundi pati na rin sa iba. Makikita sa inilathala ni Cabellon na talagang mas mahirap ang pagdidisiplina sa sarili kaysa sa pagdidisiplina ng mga magulang sa kanilang mga anak, dahil dito makikitang si Impeng ay nagtataglay ng ganitong katangian na siyang ginagamit nito sa araw-araw niyang pamumuhay sa kabila ng patuloy na pangungutya ni Ogor.

**Matapang.** Ang katapangan ay likas na dala ng tao. Ito ay isang katangian ng pagkakaroon ng lakas ng loob na malampasan ang nakaambang problema, makikita dito ang didikasyon malampasan ang mga balakid sa buhay. Ngunit minsan nagagamit ang katapangan upang maipagtanggol ang sarili sa mga taong may masamang hangarin. Sa kabilang banda may magandang naidudulot naman nito sa buhay tulad sa paggamit ng katapangan upang maging matagumpay sa buhay. Sa inilatha ng Far Eastern University (2016), Ang katapangan ay isa sa mga pinakamahalagang sangkap tungo sa tagumpay. Hindi lamang ito tumutukoy sa pisikal na lakas, kundi higit sa lahat, sa tatag ng loob na harapin ang mga hamon ng buhay. Makikita ang ganitong katangian sa karakter ni Impeng na may lakas ng loob na makipagsapalaran sa buhay sa gitna ng pang-aabuso ni Ogor. Matapang nitong hinarap ang mga problemang naka-amba sa kanyang buhay katulad sa pagmamalabis at pang-aabuso.

*4.3 Mga Aral na Nangibabaw sa Kwento*

**Talahanayan 3**
*Mga Aral sa Kwento.*

| Mga Aral | Pagpapakahulugan batay sa Kwento |
|---|---|
| Paggalang sa kapwa anuman ang itsura | Ipinakita sa kuwento na hindi dapat hinuhusgahan ang isang tao batay sa kanyang kulay, anyo, o estado sa buhay. Mahalaga ang pagrespeto sa dignidad ng bawat isa. |
| Pagtatanggol sa sarili nang may dignidad | Sa kabila ng pang-aapi, ipinakita ni Impen na may hangganan ang pagtitiis. Ang pagtatanggol sa sarili ay mahalaga, ngunit dapat itong gawin nang may tamang dahilan at hindi dahil sa galit lamang. |
| Pagtitiis o katatagan ng loob | Si Impen ay sumisimbolo sa isang taong marunong magtiis sa gitna ng hirap at pangungutya. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng lakas ng loob sa pagharap sa mga pagsubok. |

**Paggalang sa kapwa.** Ang paggalang sa kapwa ay mahalaga dahil ito ay tumutulong upang patatagin ang relasyon ng mga tao sa isang lipunan. Ang paggalang sa kapwa kahit anong katangian mayroon ang isang tao sa istado ng buhayo maging sa kulay ng balat ay marapat na magkaroon ng pantay at patas na pagtrato sa lipunang ginagalawan. Ang hindi pagtrato ng pantay sa kapwa ay may karampatang parusa sa batas ng tao at batas ng dios, ayon sa U.S Equal Employment Opportunity Commission (2024), Illegal na mangharas ng tao dahil sa lahi at kulay ng tao. Maaaring kabilang sa panghaharas, halimbawa, ang mga pang-iinsultong nauugnay sa lahi, nakakapanakit o mapanirang puri na komento tungkol sa lahi o kulay ng tao, o ang pagpapakita ng mga simbolong maituturing na atake o pang-iinsulto sa lahi. Bagaman hindi ipinagbabawal ng batas ang simpleng panunukso, mga hindi inaasahang komento, o mga natatanging pangyayaring hindi gaanong nakababahala. Makikita sa inilathala at pagpapakahulugan na ang simpleng panunukso ay maaring humantong sa malaking karahasan na mas kilala bilang diskriminasyon.

**Pagtatanggol sa Sarili nang may Dignidad.** Lahat ng tao ay maya karapatang ipagtanggol ang sarili lalo na

kung labis na ang ginagawa ng ilan sa mga taong kasapi sa lipunan. Ang pagtanggol sa sarili ng may dignidad ay mahalagang katangian na dapat taglayin ng isang tao ng sa ganun ay maipagtanggol nito ang sarili o maging ang mga mahal nito sa buhay. Ayon pa kay Valdez (2025), ang dignidad ay nagpapahiwatig ng respeto at pagpapahalaga na ang lahat ng tao ay nararapat at pinatunayan ng mga taong mayroong isang hindi antas ng kalidad ng tao. Ang dangal ay ang kalidad ng karapat-dapat na nangangahulugang mahalaga. Batay sa nasabi ni Valdez na ang dignidad ay nagpapahiwatig ng respeto na kung saan maaring magamit ng isang taong may pinaglalabang katarungan o hustisya para sa kanyang ipinaglalaban. Ito ay ang aral na makikita rin sa kwentong Impeng Negro na maaring maging basihan ng mga mambabasa sa kwento.

**Pagtitiis o katatagan ng loob.** Ang pagtitiis sa mga panunukso at ang pagkakaroon ng katatagan ng loob ay isa sa mga aral na makikita sa kwentong Impeng Negro ni Rogelio Sicat. Ipinakikita dito na ang pagtitiis upang maka-iwas sa gulo ay may magandang maidudulot sa pagkatao ng mga tao sa isang lipunan. Sa inilathala ni Francisco (2024), nabanggit na maganda ang pagtitiis at hindi agad pagpatol dahil nakakaiwas ito sa gulo at pagsisisi, nagpapakita ng pagpipigil sa sarili, nakatutulong sa maayos na pakikipagkapwa, at nagbibigay ng pagkakataon upang makapag-isip ng tamang solusyon. Batay sa pagpapakahulugan at mga inilathala makikita na maganda sa pansariling ideya at pangkalahatan ang pagtitiis dahil ito ay makatutulong upang maging maayos ang kalalabasan ng plinplanong aksyon at hindi agad pagpatol. Dito makikita na ang pagtitiis at ang lakas ng loob ay magandang katangian na dapat taglayin ng isang tao katulad nalaman sa kwentog pinamagatang Impeng Negro, ang aral na ito ay mahalaga lalo na sa mga taong nakararanas ng pang-aabuso.

Batay sa mga pagpapakahulugan at mga inilathalang akda makikita na ang kwentong Impeng Negro ay may malaking epekto sa mga mambabasa kung palalalimin nito ang pagpapakahulugan sa binabasang kwento.

## 5. Konklusyon at Rekomendasyon

***Konklusyon -*** Batay sa natuklasan na resulta sa pagsusuri ang mananaliksik ay nakabuo ng sumusunod na konklusyon. (1) Kabilang sa mga pagpapahalagang moral ang makikita sa kwentong Impeng Negro ni Rogelio Sicat ang paggalang, disiplina sa sarili, pagpapakumbaba, katapanagan, at katarungan. (2) Habang ang katangiang tinataglay naman ng pangunahing tauhan ay ang pagiging magalang sa magulang, may disiplina sa sarili, at ang pagiging matapang. (3) At ang aral na makukuha naman sa kwento ay ang paggalang sa kapwa anuman ang itsura, pagtatanggol sa sarili ng may dignida, at ang pagtitiis o katatagan ng loob.

***Rekomendasyon -*** Batay sa nagging resulta at Konklusyon ng pag-aaral, inererekomenda sa susunod na mga mag-aaral at magsusuri ng piling kwento na bigyang pansin ang iba pang pagpapahalagang moral sa mga akdang pampanitikan sa Pilipinas. Iminungkahi na magkaroon ng malawakang pagsasanay patungkol sa mas malalimang pagsusuri at pag-iintindi ng mga akdang pampanitikan sa ating bansa. Iminungkahi ng manunuri na hikayatin ang mga mag-aaral na magbasa ng mga akdang kapupulutan ng mga aral na maaring gamiting sa pang-araw-araw na buhay.

## 6. Sanggunian

Amora, B. (2020). *Pagsusuri ng mga Piling Maikling Kuwento Ni Genoveva Edroza Matute: Mungkahing Disenyo Ng Aralin*.ACADEME University of Bohol, Graduate School and Professional Studies. Sinipi sa: https://doi.org/10.15631/aubgsps.v17i1.153

Cabellon, Z. (2025). *Essay #2 – Filipino.* Scribd. Sinipi sa: https://www.scribd.com/document/672689897/ESSAY-2-FILIPINO

Far Eastern University. (2016). *Katas ng Katapangan: Pagkapit sa ikot ng buhay.* FEU Advocate. Sinipi sa: https://feuadvocate.net/katas-ng-katapangan-pagkapit-sa-ikot-ng-buhay/

Francisco, F.T. (2024). *Pagtitiis.* Scribd. Sinipi sa: https://www.scribd.com/document/632882140/Pagtitiis-pdf

Galdiano, A. (2025). *Pag-aaral ng Kaligirang Pangkasaysayan*. Prezi. Sinipi sa: https://prezi.com/p/jbcwro1dbfdr/pag-aaral-ng kaligirangpangkasaysayan/?utm

Galicia, K. A. (n.d.) *Impeng Negro.* Scibd. Sinipi sa: https://www.scribd.com/document/552578851/IMPENG-NEGRO

Gustafson, N. (1984). *Content Analysis in History Class*. Taylor and Francis. Sinipi sa: https://bit.ly/3PtlqTa

Jade, A. (2025.*Katarungan sa Lipunan.* Prezi. Sinipi sa: https://prezi.com/p/2xu-rczktwsm/katarungan-panlipunan/

Ki, E. (2021). *Bakit Mahalaga Ang Paggalang.* Philippine News. Sinipi sa: https://philnews.ph/2021/06/08/bakit-mahalaga-ang-paggalang-kahulugan-at-halimbawa/

Lampung University. (2024). *Moralistiko*. CliffsNotes. Sinipi sa: https://www.cliffsnotes.com/study-notes/17042669

Matuan, A.I. (2025). *Ang Epekto ng Po at Opo sa Pagpapahayag ng Paggalang sa Komunikasyon ng mga Pilipino.* Prezi. Sinipi sa: https://prezi.com/p/zcujdneqpjqw/ang-epekto-ng-po-at-opo-sa-pagpapahayag-ng-paggalang-sa-komunikasyon-ng-mga-pilipino/

Monson. T. (2014). *Katapangan.*ChurchofJesus.Sinipi sa: https://www.churchofjesuschrist.org/study/liahona/2014/07/april-2014-conference-notebook/courage?lang=tgl

Movilla, S. Z. (2018). *Halimbawa ng Pagsusuring Pampanitikan.* Scribd. Sinipi sa: https://www.scribd.com/document/462237881/Halimbawa-ng-PagsusuringPampanitikan-docx?utm

Teejay. (2026). *Bakit Napakahalaga ng Pagpapakumbaba.* Scribd. Sinipi sa: https://www.scribd.com/document/667784256/Bakit-napakahalaga-ng-pagpapakumbaba

U.S. Equal Employment Opportunity Commission. (2024). *Diskriminasyon Batay Sa Lahi At Kulay.* Eeoc. Sinipi sa: https://www.eeoc.gov/fil/diskriminasyon-batay-sa-lahikulay

Valdez, L. (2025). *Dignidad.* Scribd. Sinipi sa: https://www.scribd.com/presentation/605073538/Dignidad